**A Pangbibliang simbolismo:**

❖ **Ano ang tipolohiya?**

— Si Pablo – at iba pang mga akda ng Biblia– ay gumamit ng salitang “uri” upang tumukoy sa isang anyo sa kasaysayano pangyayaring kumakatawan sa isang bagay o isang tao mula sa kanyang panahon at/o sa hinaharap (tinawag na “katapat na uri”).


— Halimbawa, ang Roma 5:14 ay nagsasalita tungkol kay Adan bilang uri [“anyo” sa KJV] “niyang darating,” iyon ay, ni Jesus—ang katapat na uri.

— Sa maraming pagkakataon, makikita natin sa Lumang Tipan ang palatandaan ng natatanging tauhan o pangyayari na uri ng isang bagay na darating. Tingnan natin ang dalawang halimbawa:

| Ang uri | Patalastas ng katapat na uri | Ang katapat na uri |
|---|---|---|
| David (Awit 22:1) | Isang bagong David (Jer. 23:5) | Jesus (Mt. 27:46) |
| Mga handog (Lev. 1:3-5) | Nagdurusang lingkod (Is. 53:5-7) | Kamatayan ni Jesus (Jn. 19:16-18) |

❖ **Mga klase ng tipolohiya**

— Ang mga uri sa Lumang Tipan ay tumuturo sa tatlong natatanging klase ng katapat na uri sa Bagong Tipan; ang Iglesia; at ang huling mga panahon.



**B Ang simbolismo ni Josue:**

- **Josue bilang uri**
  - Bahagyang tinupad ni Josue ang hula ni Moses tungkol sa pangalawang propeta na mangunguna sa mga tao (Deut. 18:15-19).
  - Gaya ni Moises, tumanggap si Josue ng direktang mensahe mula sa Dios; nagdiwang sya ng Paskuwa; tumawid sya sa mga tubig; nakita nya ang Anghel ng Panginoon; nagbigay ng tagumpay ang kanyang nakaunat na mga kamay; inanyayahan nya ang mga tao na manatiling tapat pagkatapos na syaý mamatay; atbp.
  - Habang nagsimulang mahulog ang manna sa ilalim ni Moises, huminto ito sa ilalim ni Josue. Dagdag pa dito, tinupad ni Josue ang tagubilin tungkol sa paghahati ng lupain at ng mga syudad ng tanggulan na ibinigay ni Moises.
  - Ngunit naunawaan ng mga tao na ang hula ni Moises ay nagpapatuloy ng higit pa kay Josue (Juan 1:21). Kaya, parehong si Moises at Josue ay naging mga uri ng tunay na katapat na uri na lubusang tumupad sa hulang ibinigay kay Moises tungkol sa "Propeta": Jesus (Gawa 3:22-26).
- **Ang katapat na uri ni Josue**
  - Ang layunin ng mga digmaang pinangunahan ni Josue ay itatag ang mga Israelita sa Lupang Pangako. Ipinahayag ni Isaias ang gawain ng Mesias na bumubuo sa pagtatalaga sa "pinabayaang mana [sa kanyang bayan]" (Isa. 49:8), gamit ang parehong terminolohiya sa aklat ng Josue.
  - Sa anong diwa ang buhay at gawa ni Josue (bilang uri) ay sumalamin sa buhay at gawa ni Jesus (katapat na uri)?
    (1) Matapos ang Kanyag bautismo sa Jordan, nakipaglaban si Jesus sa mga pwersa ng kasamaan
    (2) Nagsimula ang Kanyang trabaho matapos ang 40 araw sa ilang
    (3) Natalo Niya ang kaaway sa krus
    (4) Binigyan Niya tayo ng tagumpay sa ating espiritwal na mga kalaban
    (5) Binigyan Niya tayo ng tunay na kapahingahan
    (6) Itinalaga Niya sa atin ang hindi na sisirang mana
- **Si Josue bilang uri ng iglesia**
  - *SI JOSUE AT ANG IGLESIA*
    (1) Ngayon ay may pakikipaglaban tayo, kung saan pinangunahan tayo ng ating "Josue", na naghahanda sa atin ng kailangang baluti (Efe. 6:10-12).
    (2) Dagdag pa, nagtalaga na sya sa atin ng mana, at pinupuno tayo ng espiritwal na mga pagpapala (Efe. 1:3, 11).
  - *SI JOSUE AT ANG HULING PANAHON*
    (1) Ngunit ang kompletong katuparan sa tipolohikal na Josue ay sa huling pa, kung mawasak na ang lahat na anyo ng kasamaan, at maangkin natin ng lubusan ang ating mana: isang lupaing makakapamuhay tayo ng may kumpyansa (Apoc. 20:7-9; Ezek. 28:26).
    (2) Hanggang sa araw na iyon, lumago nawa tayo sa biyaya gaya ni Josue, na hinahayaan ang Dios na baguhin tayo unti-unti bawat araw kagaya Niya.